Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
Rehiyong Administratibo ng Cordillera
**SANGAY NG MGA PAARALAN NG BENGUET**
Wangal, La Trinidad, Benguet
Telefax: (074) 422-6570; (074)422-7501

Agosto 13, 2018

AUG 13 2018

**PANDIBISYONG MEMORANDUM**
Blg.___186____, s. 2018

**TALAKAYAN SA PAGGAMIT NG FILIPINO SA OPISYAL NA KOMUNIKASYON**

Sa mga: Tagamasid/Tagapag-unay sa mga Distrito
Pandistritong Koordineytor sa Filipino
Pinuno ng mga Paaralang Publiko
Lahat ng Kinauukulan

1. Kaugnay ng pagdiriwang ng 2018 Buwan ng Wikang Pambansa na may pangunahing temang "*Filipino: Wika ng Saliksik*," magkakaroon ng isang araw na **Talakayan hinggil sa Paggamit ng Filipino sa Opisyal na Komunikasyon** na gaganapin sa Benguet State University-College of Arts and Sciences Little Theater sa Agosto 24, 2018.
2. Layunin ng talakayan ang sumusunod:
   a. mapatataas ang kamulatan ng mga kalahok sa mga batayang alituntunin at pamantayan ng masinop na pagsulat sa Filipino at ang paggamit nito sa korespondensiya opisyal;
   b. malilinang ang kakayahan ng mga punong-guro, ulong guro at mga tagapag-ugnay sa Filipino na magbigay ng tulong-teknikal sa mga kapwa guro kaugnay ng paggamit ng Filipino sa opisyal na komunikasyon; at
   c. mapahahalagan ang paggamit ng Filipino para sa opisyal at intelektuwalisadong diskurso.
3. Ang mga kalahok sa aktibidad na ito ay ang sumusunod:

| | |
|---|---|
| Punong-guro/ulong guro/pansamantalang gurong tagapamahala (TIC) sa bawat pampublikong paaralang sekundarya ................................ | 59 |
| Pandistritong koordineytor sa Filipino sa elementarya ........................ | 14 |
| Isang (1) kinatawan mula sa hanay ng Punong-guro/namumuno ng mga paaralan sa elementarya sa bawat distrito ............................... | 14 |
| Ulong Guro sa Filipino sa Mankayan NHS, Benguet NHS, Loo NHS, TSHI, Lepanto NHS, GBDAIS, AMPMNHS .......................................... | 7 |
| *Kabuang Bilang ng Target na kalahok* ............................................. | *94* |

4. Inaasahang irerekomenda ng Pandistritong Tagamasid ang opisyal na kalahok sa bawat distrito at ikumpirma ang kanilang partisipasyon kay G. Macarthy B. Malanes, Tagamasid sa Filipino, sa numerong 09291836213 o sa email na macarthy.malanes@deped.gov.ph hanggang sa Agosto 22.
5. Ang gastusin sa pagkain na binubuo ng dalawang meryenda at isang pananghalian ay magmumula sa pondo ng dibisyon samantalang ang transportasyon at ipa pang kaugnay na gastusin sa pakikilahok ay manggagaling sa pondo ng paaralan o pondong lokal sa kondisyong ito ay susunod sa alituntunin ng pag-oodit.
6. Hinihiling ang daglian at malawakang pagpapalaganap sa memorandum na ito.

**MARIE CAROLYN B. VERANO, CESO VI**
Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan

/mbm

Scanned by CamScanner